**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 3**
**ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS**

# Perceptions, interest, and comprehension of Ibong Adarna among Grade 7 Students

**Rose A. Andrade**
Filamer Christian University, Inc.
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: roseandrade0799@gmail.com

ABSTRACT

This study was conducted to determine the levels of perception, interest, and comprehension of Ibong Adarna among Grade 7 students of Ernesto R. Sicad Sr. National High School, Pawa, Panay, Capiz, for the school year 2024–2025. It also aimed to identify whether there are significant differences in the level of comprehension based on students' levels of perception and interest in Ibong Adarna. The study employed stratified random sampling. The independent variables were students' perception and interest in Ibong Adarna, while the dependent variable was comprehension of Ibong Adarna. Out of 118 Grade 7 students, only 88 were selected as participants using Taro Yamane's formula for stratified random sampling. To measure the students' level of perception of Ibong Adarna, the researcher, with the help of the adviser, constructed a 45-item questionnaire. A separate 45-item instrument was used to measure students' level of interest in Ibong Adarna. Meanwhile, a 25-item researcher-made test was utilized to measure students' level of comprehension. Data were analyzed through computer-processed statistics such as percentage mean, frequency count, standard deviation, ANOVA, and Pearson r, with the alpha level set at .05 for all inferential tests. Findings revealed that Grade 7 students demonstrated a "High" level of perception and a "High" level of interest in Ibong Adarna. However, their level of comprehension was found to be "Moderate." Results further indicated "no significant difference" in comprehension across varying levels of perception and interest in Ibong Adarna. Similarly, no significant relationships were found between perception and interest, perception and comprehension, as well as interest and comprehension of Ibong Adarna.

Keywords: perception of Ibong Adarna, interest in Ibong Adarna, comprehension of Ibong Adarna, Grade 7, Roxas City, Capiz, Philippines

Date Submitted: June 21, 2025
Date Accepted: July 26, 2025
Date Published: August 11, 2025

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0403399

Recommended citation:
Andrade, R. A. (2025). Perceptions, interest, and comprehension of Ibong Adarna among Grade 7 Students. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 4 (3), 4304-4315.
http://doi.org/10.69651/PIJHSS0403399

# Pananaw, kawilihan at pag-unawa sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7

**Rose A. Andrade**
Filamer Christian University, Inc.
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: roseandrade0799@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang tukuyin ang antas ng pananaw, kawilihan at pag-unawa sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng Ernesto R. Sicad Sr. National High School, Pawa, Panay, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025. Ito rin ay naglalayong matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pagitan ng mga antas ng pananaw at kawilihan sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral ay gumamit ng stratified random sampling. Ang malayang baryabol ay Pananaw at Kawilihan sa Ibong Adarna samantalang, ang di-malayang baryabol ay Pag-unawa sa Ibong Adarna. Ang lahat ng mga nabanggit ang siyang pinagbatayan ng pag-aaral na ito. Sa kabuuan ay may isang daan at labingwalo (118) na mag-aaral sa Grado 7 ngunit ang mananaliksik ay kumuha lamang ng walumpu’t walo (88) na kalahok sa pamamagitan ng stratified random sampling gamit ang formula ni Taro Yamane. Upang masukat ang antas ng pananaw sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral, personal na gumawa ng apatnapu’t limang (45) aytem na talatanungan ang mananaliksik sa tulong ng kanyang tagapayo. Upang masukat ang antas ng kawilihan sa Ibong Adarna, ang mananaliksik sa tulong ng kanyang tagapayo ay gumamit ng apatnapu’t limang (45) aytem na talatanungan. Sa antas ng pag-unawa sa Ibong Adarna naman ng mga mag-aaral ay sinukat gamit ang dalawampu’t limang (25) aytem na pagsusulit na personal na ginawa ng mananaliksik. Ang mga datos ay sinuri sa larangan ng computer-processed statistics, percentage mean, frequency count, standard deviation, ANOVA at Pearson r. Ang alpha level ay nakaset sa .05 sa lahat ng inferensyal na pagsusulit. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa Grado 7 ay may “Mataas” na antas ng pananaw sa Ibong Adarna. “Mataas” rin ang antas ng kawilihan sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral. Samantala “Katamtaman” naman ang antas ng pag-unawa sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral. “Walang makabuluhang pagkakaiba” sa antas ng pag-unawa sa pagitan ng mga antas ng pananaw sa ibong adarna ng mga mag-aaral. Gayundin, “Walang makabuluhang pagkakaiba” sa antas ng pag-unawa sa pagitan ng mga antas ng kawilihan sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral. “Walang makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng pananaw at kawilihan sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral at “Walang makabuluhang kaugnayan” naman sa pagitan ng antas ng pananaw at pag-unawa sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral. Samantala, “walang makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng antas ng kawilihan at antas ng pag-unawa sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral.

Susing salita: pananaw sa Ibong Adarna, kawilihan sa Ibong Adarna, pag-unawa sa Ibong Adarna, Grado 7, Roxas City, Capiz, Philippines

PANTAO
The International Journal of the Humanities and Social Sciences
Volume 4, Issue 3
ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS

## PANIMULA

Ang panitikang Filipino ay mahalagang kasangkapan sa pagpapahayag ng damdamin, kaisipan, at pananaw ng mga Pilipino hinggil sa kanilang pamumuhay, panlipunang gawi, paniniwalang pampulitika, at pananampalataya. Ayon kay Veloso (2020), ang pag-aaral nito ay may kritikal na papel sa pagsusuri ng kasaysayan, kultura, at tradisyon ng mga sinaunang Pilipino. Sa pamamagitan ng panitikan, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga pangyayaring humubog sa lipunan at napapalalim ang pagpapahalaga sa pambansang identidad. Higit pa rito, ang panitikan ay hindi lamang daluyan ng mga nakaraan, kundi isa ring tulay na nag-uugnay sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Kabilang sa mga pinakakilalang obra ng panitikang Filipino ang Ibong Adarna, na itinuturing ni Panaligan (2024) bilang isang obra maestra na kumakatawan sa mataas na antas ng kulturang Pilipino. Bagaman hindi matukoy ang orihinal na may-akda nito, nananatili itong makabuluhang bahagi ng kasaysayan at kulturang Pilipino. Ang mga elementong tulad ng mahika, kababalaghan, at mga aral sa bawat awit ng mahiwagang ibon ay hindi lamang nagpapakita ng malikhaing imahinasyon, kundi nagbibigay-diin din sa pagpapahalaga sa moralidad at kabutihan bilang gabay sa buhay (Binalhay, 2024). Dahil dito, ang Ibong Adarna ay patuloy na bahagi ng kurikulum ng Grade 7 sa ilalim ng K to 12 program ng Department of Education, kung saan itinuturo ito hindi lamang bilang klasikong panitikan, kundi bilang daluyan ng mahahalagang pagpapahalaga gaya ng pagmamahal sa pamilya, pananampalataya, at moralidad (De Quiros, 2023).

Gayunman, batay sa obserbasyon ng mananaliksik, marami sa mga mag-aaral ang nahihirapan sa pag-unawa ng Ibong Adarna, partikular sa pagsusuri ng mga pangyayari at pagkuha ng mga mahahalagang aral. Mababa rin ang antas ng interes ng ilan, na nagreresulta sa limitadong pakikilahok sa talakayan. Dagdag pa rito, nagiging hamon para sa mga guro ang pagbibigay ng epektibong estratehiya sa pagtuturo, sapagkat ang iba't ibang pananaw at interpretasyon ng mga mag-aaral ay nagdudulot ng pagkakaiba-iba sa pag-unawa sa akda. Ayon kina Ramirez et al. (2020), ang mga mambabasang may mataas na antas ng interes ay mas naglalaan ng oras sa pagbabasa at mas malalim ang pag-unawa sa teksto. Pinatotohanan ito ni Saadvedra et al. (2024) na nagsasabing ang interes ay nagpapalalim ng kognitibong proseso, nagbibigay-daan sa mas masusing pagproseso ng impormasyon, at lumilikha ng koneksyon sa mga ideya. Sa kabaligtaran, ipinapakita ni Inocencio (2017) na ang kakulangan ng interes ay humahantong sa pasibong pagkatuto, mababaw na pagsusuri, at limitadong kritikal na pag-iisip.

Mahalaga ring isaalang-alang ang pananaw ng mga mag-aaral, sapagkat ito ang bumubuo ng kanilang perspektibo sa isang paksa o isyu. Ayon kay Santos (2017), ang pananaw ay kombinasyon ng karanasan, pagsusuri, at pag-unawa ng isang indibidwal na siyang nagiging gabay sa kanyang interpretasyon. Binanggit ni Lapa (2019) ang bagong pagbasa sa tunggalian ng magkakapatid sa Ibong Adarna, na hindi lamang ito itinuturing bilang negatibong salungatan kundi bilang pagkakataon upang maipakita ang pagpapatawad, pag-unawa, at pagkakaisa. Gayundin, ipinakita ni Fontamillas (2023) na ang paggamit ng interaktibo at biswal na estratehiya gaya ng visual storytelling at dramatization ay nakapagpapabuti ng pananaw ng mga mag-aaral, sapagkat mas nagiging buhay at maiuugnay nila ang akda sa kanilang karanasan.

Samantala, ang pag-unawa ay hindi lamang nakasentro sa literal na kahulugan ng salita. Ayon kay Flagne (2018), ito ay proseso ng pagbuo ng kahulugan habang nagaganap ang interaksiyon sa teksto, at lumalabas sa kanyang pag-aaral na mataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa Ibong Adarna. Dagdag pa nina Altarejos et al. (2024), ang pag-unawa ay nakabatay din sa pagtanggap at pagsusuri ng perspektibo ng iba, na nagdudulot ng bukas na komunikasyon at mas malalim na koneksyon sa binabasa. Dahil dito, nagiging mahalagang salik ang pag-unawa sa pagtuturo ng Ibong Adarna, hindi lamang upang maunawaan ang nilalaman ng korido, kundi upang mapalalim din ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang kultura at pagkakakilanlan bilang Pilipino.

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa teorya ng Constructivism, na nagsusulong na ang mga mag-aaral mismo ang aktibong lumilikha ng kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng sariling karanasan at pakikilahok. Sa teoryang ito, ang lumang ideya ay pinauunlad at pinayayaman ng mga bagong karanasan upang makabuo ng mas malalim na kaalaman. Ang pagtuturo ay nakabatay sa paniniwalang mas mabisa ang pagkatuto kapag aktibong kasangkot ang mag-aaral sa pagbubuo ng kahulugan kaysa sa pasibong pagtanggap ng impormasyon. Binibigyang-diin ng teoryang ito ang kritikal na pag-iisip, motibasyon, at malayang pagkatuto. Kaugnay nito, ang positibong pananaw at kawilihan ng mga mag-aaral sa Ibong Adarna ay maaaring mapaigting sa pamamagitan ng mga gawaing pangklase na direktang nag-uugnay sa kanila upang mas lalong maunawaan ang akda.

Gayunpaman, nananatiling hamon ang paggamit ng malalalim at makalumang bokabularyo ng Ibong Adarna na hindi na karaniwan sa kasalukuyang panahon. Ito ang dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral na ganap na maunawaan ang korido. Gayunman, mahalaga itong pag-aralan sapagkat isa itong makasaysayang akda na nagpapakita ng yaman ng kultura, tradisyon, at kasaysayan ng mga Pilipino. Ang mga aral na taglay nito, gaya ng kabutihan laban sa kasamaan, pagpapatawad, pagtitiis, at katapatan, ay nagsisilbing gabay sa wastong asal at moralidad ng mga kabataan. Dahil dito, sinikap ng mananaliksik na tukuyin ang antas ng pananaw, kawilihan, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Ibong Adarna upang magamit ang angkop na estratehiya sa pagtuturo at higit na mapahalagahan ang akda. Sa pananaliksik na ito, ang malayang baryabol ay ang pananaw at kawilihan sa Ibong Adarna, samantalang ang di-malayang baryabol ay ang pag-unawa sa akda.

Ang pananaw, kawilihan, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Ibong Adarna ay dapat na malaman upang matuklasan ang mga suliraning nagiging balakid sa pagkatuto na dapat maagapan at mabigyan ng karampatang solusyon. Hindi lingid sa kaisipan ng mananaliksik bilang guro na halos karamihan sa mga mag-aaral ay walang hilig sa mga akdang pampanitikan lalo na ang Ibong Adarna dahil bukod sa mahahaba ang mga nilalaman ng bawat yugto ay malalalim ang mga salitang ginagamit dito. Sa pagtalakay ng panitikan mas nasusubok ang kakayahan ng mga guro na makapaghatid ng kamalayan sa kaniyang mga mag-aaral tungkol sa akdang tinalakay.

Ang kawilihan sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral ay napakahalaga sapagkat ito ang isa sa mga salik na nakaaapekto ng matagal na retensiyon ng mga aralin sa isipan ng mga mag-aaral. Masasabi ring isang epektibong guro ang isang guro kapag napananatili niya ang kawilihan ng kaniyang mga mag-aaral sa talakayan at nahihikayat niya ang mga ito na makisangkot sa mga gawain sa loob ng klasrum.

Mahirap para sa mga mag-aaral na unawain nang mabuti ang bawat malalalim na salitang ginagamit sa isang akda. Dagdag pa ang pagbibigay ng kahulugan sa damdaming nakapaloob dito. Kung kaya isang napakalaking hamon sa mga ito ang pag-aaral ng Ibong Adarna sapagkat hindi lamang intelektwal na aspekto ang sinusukat nito kung hindi gayon din ang emosyunal, sosyal, at ispiritwal na aspekto ng mga mag-aaral. Sa pagbabasa ng Ibong Adarna, masasabing isa sa mga kahinaan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan ay ang pag-unawa sa mga nabasa nito.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang antas ng pananaw, kawilihan at pag-unawa sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa grado 7 ng Ernesto R. Sicad Sr. National High School, Pawa, Panay, Capiz, na nakapagtatala Taong Panuruan 2024-2025.

Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng pananaw sa akdang Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7?
2. Ano ang antas ng kawilihan sa akdang Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7?
3. Ano ang antas ng pag-unawa sa akdang Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pag-unawa sa pagitan ng mga antas ng pananaw sa akdang Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pag-unawa sa pagitan ng mga antas ng kawilihan sa akdang Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7?
6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pananaw, kawilihan at pag-unawa sa akdang Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7?

METODOLOHIYA

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay matukoy ang antas ng pananaw, kawilihan, at pag-unawa sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng Ernesto R. Sicad Sr. National High School, Pawa, Panay, Capiz para sa Taong Panuruan 2024–2025. Ginamit sa pag-aaral ang disenyo ng survey–correlational na pamamaraan na naglalarawan at nagbibigay-kahulugan sa mga pangyayari, gayundin ay sumusukat sa lakas at direksyon ng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Ang nasabing disenyo ay piniling gamitin sapagkat mas napadali nito ang pangangalap ng datos mula sa mga tagatugon at nabigyang-diin ang pagsusuri ng kaugnayan ng pananaw at kawilihan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-unawa sa akda. Sa pananaliksik na ito, itinuring na malayang baryabol ang pananaw at kawilihan sa Ibong Adarna, samantalang ang di-malayang baryabol ay ang pag-unawa sa akda.

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng lahat ng 118 mag-aaral sa Grado 7 ng nasabing paaralan, subalit pumili lamang ng walumpu't walo (88) na kalahok gamit ang stratified random sampling at ang formula ni Taro Yamane. Mula sa seksiyong Heron na may tatlumpu't siyam (39) na mag-aaral, tatlumpu't isa (31) ang napili. Sa seksiyong Plover na may tatlumpu't siyam (39), dalawampu't anim (26) ang naging kalahok, samantalang tatlumpu't isa (31) mula sa apatnapu (40) na mag-aaral ang napili sa seksiyong Sparrow. Batay sa kanilang propayl, 51 o 57.95% sa mga kalahok ay lalaki at 37 o 42.05% naman ay babae. Karamihan sa kanila ay nasa

edad 13 pataas, na bumubuo ng 51.14% ng kabuuang kalahok, habang 48.86% naman ay nasa edad 11 hanggang 12.

Ginamit sa pag-aaral ang tatlong pangunahing instrumento na nahahati sa apat na bahagi: ang talatanungan para sa propayl ng mga kalahok, ang talatanungan sa pananaw, ang talatanungan sa kawilihan, at ang pagsusulit sa pag-unawa. Ang propayl ay nakatuon sa edad at kasarian ng mga kalahok. Ang talatanungan sa pananaw ay binuo ng apatnapu't limang (45) aytem na likha ng mananaliksik sa tulong ng tagapayo, na ginamitan ng limang-puntong Likert scale mula "Lubos na Sumasang-ayon" hanggang "Lubos na Hindi Sumasang-ayon." Ang resulta ay inuri gamit ang iskalang may saklaw mula "Napakataas" hanggang "Napakababa." Ang instrumento ay sumailalim sa content at face validity sa tulong ng tatlong guro sa Filipino, isinailalim sa pilot testing sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kalahok sa pag-aaral, at napatunayang maaasahan sa pamamagitan ng Cronbach's alpha na .801. Katulad nito, ang talatanungan sa kawilihan ay binuo rin ng apatnapu't limang (45) aytem at sinuri gamit ang parehong iskala at pamamaraan ng pagsusuri. Dumaan din ito sa parehong proseso ng validity at reliability testing, na nagresulta sa Cronbach's alpha na .695. Samantala, ang pag-unawa ay sinukat sa pamamagitan ng dalawampu't limang (25) aytem na pagsusulit na ginawa ng mananaliksik batay sa Pinagyamang Pluma Ikalawang Edisyon nina Baisa-Julian, Lontoc, at Esguerra-Jose (2017). Ang pagsusulit ay sumailalim sa pagsusuri ng tatlong guro, pilot testing sa tatlumpung mag-aaral, at item analysis gamit ang index of difficulty at index of discrimination upang matiyak ang pagkabalido ng mga aytem. Ang mga tanong na may mababang kalidad ay inalis at pinanatili lamang ang mga aytem na angkop para sa pagsusukat ng pag-unawa.

Isinagawa ang pangangalap ng datos matapos humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punongguro ng paaralan. Matapos ang pag-apruba, itinakda ang araw para sa administrasyon ng mga talatanungan at pagsusulit. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang mga panuto at tiniyak na ang mga kalahok ay may sapat na oras upang masagutan ang mga tanong. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa tulong ng mga guro sa Filipino at isinagawa sa paraang sistematiko at organisado upang matiyak ang integridad ng mga datos. Pinanatiling kumpidensyal ang lahat ng impormasyong nakalap mula sa mga kalahok at tiniyak na ito ay gagamitin lamang para sa layunin ng pag-aaral.

Sa pagsusuri ng datos, gumamit ang mananaliksik ng iba't ibang istadistikang pamamaraan. Ang frequency count, percentage mean, at standard deviation ay ginamit upang ilarawan ang antas ng pananaw, kawilihan, at pag-unawa ng mga kalahok. Ang ANOVA ay isinagawa upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa batay sa iba't ibang antas ng pananaw at kawilihan. Samantala, ang Pearson r ay ginamit upang suriin ang kaugnayan ng mga baryabol. Itinakda ang antas ng kabuluhan sa 0.05 upang masiguro ang kredibilidad ng resulta. Ang mga nakalap na datos ay ipinasuri at ipinaliwanag sa tulong ng isang statistician upang matiyak ang wastong interpretasyon ng mga kinalabasan ng pag-aaral.

## MGA RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang pag-aaral ay nilahukan ng walumpu't walong (88) piling mag-aaral mula sa Grado 7 ng Ernesto R. Sicad Sr. National High School, Pawa, Panay, Capiz para sa Taong Panuruan 2024–2025. Batay sa kanilang mga sagot, lumabas na ang antas ng pananaw sa Ibong Adarna ay nasa kategoryang "mataas" na may mean na 3.87 at standard deviation na 0.44. Ipinahihiwatig

PANTAO
The International Journal of the Humanities and Social Sciences
Volume 4, Issue 3
ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS

ng resulta na nagagawang iugnay ng mga mag-aaral ang mga pangyayari sa akda sa kanilang sariling karanasan gaya ng alitan ng magkakapatid, pagmamahal sa magulang, at pagpapatawad ng mga magulang sa kanilang mga anak. Itinuturing din nilang ang Ibong Adarna ay isang akdang nararapat pag-aralan sapagkat naglalaman ito ng mahahalagang aral ukol sa kulturang Pilipino, kabilang ang pagtitiwala sa Diyos, pagtulong sa kapwa, paggalang sa nakatatanda, at pagpapahalaga sa pamilya. Bukod pa rito, nakikita nila na ang akda ay tumatalakay rin sa mga isyung panlipunan tulad ng inggitan at kompetisyon sa pamilya, kawalan ng katarungan sa pamumuno, at hindi pagkakapantay-pantay ng mayaman at mahirap. Ang mataas na antas ng pananaw na ito ay maaaring dulot ng pagiging tanyag ng Ibong Adarna bilang isang klasiko ng panitikang Pilipino at ng positibong katangian ni Don Juan na sumasalamin sa mga pagpapahalaga ng mga Pilipino gaya ng pagiging matatag, maginoo, matapang, mapagmahal sa magulang, at may pananalig sa Diyos. Ang kinalabasan ay sumusuporta sa pananaliksik ni Tolentino (2016) na nagsasabing nananatiling mataas ang pananaw ng mga mag-aaral sa mga gintong aral ng akda, subalit taliwas sa pananaliksik ni Martinez (2018) na nagsasabing may mga kabataan na nahihirapang makaugnay sa akdang ito.

Sa aspeto ng kawilihan, lumabas na ang mga mag-aaral ay may mataas ding antas na may mean na 3.93 at standard deviation na 0.45. Ipinapakita ng datos na ang mga mag-aaral ay tunay na nawiwili at interesado sa pag-aaral ng akda, partikular sa mga tauhan at pangyayari. Itinuturing nilang si Don Juan ay makisig, mapagkumbaba, matapang, maka-Diyos, at busilak ang kalooban, habang ang kanyang mga kapatid na sina Don Pedro at Don Diego ay makisig ngunit makasarili at mapanlinlang. Naging kawili-wili rin para sa kanila ang mga tunggalian sa akda tulad ng tao laban sa tao, tao laban sa kalikasan, at tao laban sa sarili. Bukod dito, mataas ang kanilang interes sa mga kababalaghan tulad ng mahiwagang kakayahan ng ibon, ang awit nitong nakapagpapagaling, at ang kagandahang nagtataglay ng kahiwagaan. Naging makatawag-pansin din ang mga pagsubok ni Don Juan upang makuha ang pag-ibig ni Donya Maria Blanca, lalo na ang kapana-panabik na tagpo kung saan siya ay sinubok ni Haring Salermo na nagbigay ng matitinding hamon gaya ng paghahanap ng nawawalang singsing. Para sa mga mag-aaral, ang mga bahaging ito ay nagbigay ng saya at interes na nagpataas ng kanilang antas ng kawilihan. Ang resulta ay kaayon ng pag-aaral ni Tolentino (2016) na nagsabing maraming kabataan ang naaakit sa akda dahil sa makabuluhang tema ng moralidad at pakikipagsapalaran, at pinatotohanan din ni Lumbera (2018) na ang paggamit ng makabagong estratehiya ay mahalaga upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral.

Samantala, natuklasan na ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral ay nasa kategoryang “katamtaman” na may mean na 13.89 at standard deviation na 3.05. Ipinapahiwatig ng resulta na bagaman nasasagutan nang tama ng mga mag-aaral ang ilan sa mga tanong, nahirapan pa rin sila sa iba. Ang anyong patula ng korido, haba ng mga saknong, estruktura, at malalalim na bokabularyo ay ilan sa mga dahilan ng kahirapang ito. Ang kakulangan sa malawak na bokabularyo at sa regular na pagbabasa ng iba pang akdang pampanitikan ay nakaaapekto rin sa kanilang kasanayan sa pag-unawa. Ang natuklasan ay sumusuporta sa pahayag nina Aclinen at Olesio (2023) na ang pag-unawa ay isang kognitibong kakayahan na nangangailangan ng pag-uugnay ng impormasyon sa sariling pananaw ng mambabasa. Gayundin, tinukoy ni Juancho (2021) na ang paggamit ng interaktibong pamamaraan gaya ng flash animation ay nakatutulong upang mapataas ang interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Ibong Adarna.

Sa inferensyal na pagsusuri, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa batay sa pananaw ng mga mag-aaral (F=0.227, sig=0.798). Nangangahulugan ito na hindi awtomatikong naaapektuhan ng mataas o mababang pananaw ang kanilang kakayahan sa pag-unawa. Ipinapakita rin ng resulta na ang pananaw ay isang emosyonal o saloobin, samantalang ang pag-unawa ay isang kognitibong proseso, dahilan kung bakit hindi sila direktang nagkakaugnay. Ang natuklasan ay kaayon ng pag-aaral nina Pajuay (2018) at Molina at Dicang (2023) na nagsabing ang pag-unawa ay higit na nakasalalay sa estratehiya ng pagtuturo at kakayahang akademiko kaysa sa personal na pananaw ng mag-aaral.

Katulad nito, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa batay sa antas ng kawilihan (F=0.576, sig=0.56). Bagaman nagpapakita ng interes ang mga mag-aaral sa ilang bahagi ng akda, hindi ito sapat upang makapagtamo ng mas malalim na pag-unawa. Ang kawilihan ay nakabatay sa emosyon at pansamantalang interes, samantalang ang pag-unawa ay nangangailangan ng masusing pagsusuri sa mga elemento ng akda. Ang resultang ito ay salungat sa natuklasan ni Villasoto (2020) na nagsabing may makabuluhang ugnayan ang interes sa pag-unawa, ngunit sinasang-ayunan ni Coroza (2017) na nagsabing ang interes ay higit na naaapektuhan ng paraan ng presentasyon at koneksyon sa karanasan ng mga mag-aaral.

Sa pagsusuri gamit ang Pearson r, natuklasan na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pananaw at kawilihan (r=0.074, sig=0.492), pananaw at pag-unawa (r=-0.032, sig=0.767), at kawilihan at pag-unawa (r=-0.090, sig=0.406). Ipinapakita nito na ang tatlong baryabol ay hindi magkakaugnay sa isa't isa. Maaaring mataas ang pananaw ng mga mag-aaral sa akda bilang isang klasiko ngunit hindi ito sapat upang tumaas ang kanilang kawilihan o pag-unawa. Sa kabilang banda, maaaring interesado sila sa ilang kababalaghan at romantikong tagpo ngunit hindi ito nagreresulta sa malalim na pagkakaintindi sa kabuuan ng mensahe. Ang resulta ay umaayon sa mga natuklasan nina De los Santos et al. (2024), Guthrie, at Klauda (2024) na nagsabing ang interes at pananaw ay hindi sapat upang makamit ang mas mataas na pag-unawa kung hindi ito nauugnay sa personal na karanasan at sa epektibong estratehiya ng pagtuturo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na bagaman may mataas na pananaw at kawilihan ang mga mag-aaral sa Ibong Adarna, nananatiling katamtaman ang kanilang pag-unawa. Ipinahihiwatig nito na ang epektibong pagtuturo at angkop na estratehiya ang nananatiling pangunahing susi upang mapalalim ang kanilang pagkatuto at pagpapahalaga sa akdang ito.

## KONKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay isang survey-correlational na pananaliksik na isinagawa upang tukuyin ang antas ng pananaw, kawilihan, at pag-unawa sa Ibong Adarna ng mga mag-aaral sa Grado 7 ng Ernesto R. Sicad Sr. National High School, Pawa, Panay, Capiz para sa Taong Panuruan 2024–2025. Sa kabuuang 118 mag-aaral sa antas na ito, walumpu't walo (88) ang napiling kalahok sa pamamagitan ng stratified random sampling gamit ang formula ni Taro Yamane. Layunin ng pag-aaral na masagot ang mga katanungan ukol sa antas ng pananaw, kawilihan, at pag-unawa sa akda, gayundin ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba at kaugnayan ng mga baryabol na ito. Upang makuha ang kinakailangang datos, gumamit ang mananaliksik ng dalawang talatanungan at isang pagsusulit na isinailalim sa content at face validity, at pilot testing sa tatlumpung mag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay sinuri sa

pamamagitan ng frequency count, percentage mean, standard deviation, ANOVA, at Pearson r na may itinakdang antas ng kabuluhan sa 0.05.

Lumabas sa resulta na ang antas ng pananaw at kawilihan ng mga mag-aaral sa Ibong Adarna ay parehong nasa kategoryang "mataas," samantalang ang antas ng pag-unawa ay "katamtaman." Ipinahihiwatig nito na bagaman malaki ang pagpapahalaga at interes ng mga mag-aaral sa akda, hindi pa rin lubusang mataas ang kanilang antas ng pag-unawa. Nakita sa pag-aaral na ang mga mag-aaral ay nakikilala at pinahahalagahan ang mga aral at pagpapahalagang nakapaloob sa akda, gaya ng pagmamahal sa pamilya, pananalig sa Diyos, at pagpapatawad. Gayunpaman, nananatiling hamon para sa kanila ang masusing pag-unawa sa mga makalumang salita, haba ng saknong, at masalimuot na estruktura ng korido. Dahil dito, kinakailangan pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsusuri upang lubusang maunawaan ang nilalaman ng akda.

Natuklasan din na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa batay sa antas ng pananaw at kawilihan ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang pagkakaroon ng mataas na pananaw at kawilihan ay hindi awtomatikong nagdudulot ng mas mataas na pag-unawa. Gayundin, napatunayang walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng pananaw, kawilihan, at pag-unawa. Sa ilang pagkakataon, ang kaugnayan ng mga baryabol ay lumitaw na inversely proportional, kung saan habang tumataas ang antas ng pag-unawa ay bumababa ang pananaw o kawilihan, at kabaliktaran. Ipinapakita nito na ang tatlong baryabol ay may kanya-kanyang proseso ng pagbuo: ang pananaw ay higit na kognitibo at nakabatay sa opinyon, ang kawilihan ay emosyonal at nakaugat sa interes, at ang pag-unawa ay masalimuot na kognitibong proseso ng pagsusuri at interpretasyon.

Sa kabuuan, malinaw na ipinapakita ng pag-aaral na bagaman mataas ang pagpapahalaga at interes ng mga mag-aaral sa Ibong Adarna, hindi pa rin sapat ang mga ito upang magkaroon ng ganap na mataas na antas ng pag-unawa. Nangangahulugan ito na angkop at makabagong estratehiya ng pagtuturo ang pangunahing susi upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa akda. Kinakailangang isama sa pagtuturo ang mga interaktibong gawain gaya ng role playing, dramatization, think-pair-share, at gamified quizzes upang gawing mas makabuluhan at kawili-wili ang pag-aaral. Kasabay nito, mahalagang palawakin ng mga mag-aaral ang kanilang bokabularyo sa pamamagitan ng pagbabasa at paggamit ng diksyunaryo at digital resources upang matugunan ang kanilang limitasyon sa wika.

Dagdag pa rito, ang papel ng mga guro, magulang, at administrador ay napakahalaga upang higit na mapaunlad ang kasanayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Ibong Adarna. Ang mga guro ay hinihikayat na gumamit ng makabagong teknolohiya at aktibong pamamaraan ng pagtuturo upang mapukaw ang interes at mapalalim ang pag-unawa. Ang mga magulang ay nararapat na patuloy na gabayan ang kanilang mga anak sa moral at pinansyal na aspeto, gayundin sa pagbibigay ng suporta sa kanilang pagbabasa at pang-akademikong gawain. Samantala, ang mga administrador ay dapat na maglaan ng sapat na pagsasanay at oportunidad para sa mga guro upang maging epektibo sila sa kanilang pagtuturo.

Sa huli, ipinapakita ng pananaliksik na ang mataas na pananaw at kawilihan ay nagbibigay ng magandang pundasyon sa pagtuturo ng Ibong Adarna, subalit ang susi sa mas mataas na antas ng pag-unawa ay nakasalalay sa wastong estratehiya ng pagtuturo, aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, at tuluy-tuloy na suporta ng mga guro, magulang, at

administrador. Ang mga natuklasan ay maaaring magsilbing gabay para sa susunod pang pananaliksik upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa relasyon ng mga baryabol na ito at upang makabuo ng mas epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikang Pilipino.

MGA TALASANGGUNIAN

Aclinen, Z. M., & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa grade 8. Cognizance Journal of Education Studies, 4(2), 45–57. https://cognizancejournal.com/vol3issue12/V3I1216

Aguilar, K. L., et al. (2024). Epekto ng pandemya sa mga estratehiya ng pagtuturo ng mga guro sa Filipino sa Bestlink College of the Philippines. Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3(1C). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmr/article/view/158

Altarejos, A., et al. (2024). Challenges encountered in teaching literature to grade 10 students at Bagong Silang, Caloocan. Journal of Humanities and Education, 12(1), 33–49. https://scimatic.org/show_manuscript/1649

Aleta, E. U. (2017). Anim na aspekto ng pag-unawa sa markahang pagsusulit sa Filipino. Philippine Journal of Linguistics and Literature, 5(2), 67–83.

Badayos, P. B. (2016). Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain at estratehiya (2nd ed.). Mutya Publishing House.

Binalhay, P. (2024). Ibong Adarna for Grade 7. Adarna Publishing House. https://adarna.com.ph/collections/recommended-titles

Cabilin, R. A. M. (2024). Antas ng pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang. Instabright Gazette of Education Research, 3(12), 14–22. https://www.instabrightgazette.com/blog/antas-ng-kawilihan-sa-pagbasa-ng-panitikan-ng-mga-mag-aaral-ng-ika-10-baitang

Coroza, M. M. (2017). Ang mga pinagdaanang buhay ng Ibong Adarna. Panitikan: Journal of Philippine Literary Studies, 21(1), 45–62. https://cinema.washington.edu/ang-buhay-ng-ibong-adarna

Cuevas, G., et al. (2022). Ang nabuong learner's packet sa Ibong Adarna. Journal of Filipino Literary Studies, 8(2), 101–116.

De Los Santos, L., et al. (2024). Mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school. Philippine Journal of Education Research, 7(1), 54–72. https://www.slideshare.net/slideshow/mga-salik-na-nakaaapekto-sa-antas-ng-pag-unawa

De Quiros, M. L. (2023). Detalyadong banghay-aralin sa Filipino 7. Scribd. https://www.scribd.com/document/649539034

Domingo, R. A., et al. (2024). Mga salik sa pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa tradisyunal na panitikan sa sekondarya. Journal of Filipino Literary Studies, 9(1), 45–60.

Faderanga, R. F. (2023). Mungkahing pagsasakomiks ng akdang Ibong Adarna sa pagpapaunlad ng interes sa pagbasa ng mga mag-aaral. Academia.edu. https://www.academia.edu/40185208

Flagne, M. G. (2018). Kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng mga mag-aaral sa sekundarya (Master's thesis). Filamer Christian College, Roxas City, Philippines.

Fontamillas, F. A. B., et al. (2023). Pre-service competency and behavior in teaching Ibong Adarna: Input for instructional program. Cognizance Journal of Education, 3(12), 98–110. https://cognizancejournal.com/vol3issue12/V3I1216

Guthrie, J. T., & Klauda, S. L. (2024). Effects of classroom practices on reading comprehension, engagement, and motivation for adolescents. Reading Research Quarterly, 59(1), 25–41. https://ila.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1002/rrq.459

Inocencio, J. (2017). Mga salik na nakakaapekto sa kawalan ng interes sa pagpasok sa paaralan ng mga mag-aaral sa Alegria Stand Alone Senior High School. Scribd. https://www.scribd.com/document/572652944

Juancho, C. J. (2021). Makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino: Pagtataya sa teknolohikal, pedagohikal at kaalamang pangnilalaman. Studocu. https://www.studocu.com/ph/document/holy-trinity-college/bsed-filipino/ibong-adarna

Lapa, B. M. V. (2019). Adarna: Reimagining the sibling rivalry narrative. Academia.edu. https://www.academia.edu/40900427/Adarna_Reimagining_the_Sibling_Rivalry_Narrative

Llorico, M. K. (2016). Reading comprehension and text analysis research. Works in Education, 150, 1–13. https://works.swarthmore.edu/fac-education/150

Lumbera, B. (2018). Modern methods of teaching. National Book Store.

Martinez, J. (2018). Ibong Adarna. Panitikan Publishing.

Molina, H. B., & Dicang, V. J. P. (2023). Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. Journal of Philippine Language and Literature, 14(2), 77–91.

Pajuay, R. R. (2018). Mga hamon at pamamaraan sa pagtuturo ng koridong Ibong Adarna. Slideshare. https://www.slideshare.net/slideshow/kaligirang-pangkasaysayan-ng-ibong-adarna

Panaligan, B. A. (2024). Kahalagahan ng Ibong Adarna sa ating panitikan. Academia.edu. https://www.academia.edu/112529390

Ramirez, J., et al. (2020). Reward as motivational approach and its impact on academic performance of Grade 12 HUMSS strand students at Bestlink College of the Philippines. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/382744170

Saavedra, A. D., et al. (2024). Salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa antas ng frustration. Scimatic Journal of Education, 5(2), 88–102. https://scimatic.org/show_manuscript/1649

Tolentino, R. (2016). Film literacy and criticism. De La Salle University Press. https://networks.upou.edu.ph/10442/up-talks-film-literacy-and-criticism

Veloso, J. (2020). Kahalagahan ng panitikan sa buhay at sa lipunan: Halimbawa at iba pa. Panitikan.com.ph. https://www.panitikan.com.ph/nationalartists